

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Nagbabalik ang Halloween!** ***Nananatiling spooky at ligtas sa Brampton sa taon na ito***

BRAMPTON, ON (Oktubre 13, 2021) – Malapit na ang Halloween at ang bawat isa ay sabik nang makakabawi sa taon na ito para sa ligtas na round ng trick-o-treating at spooky fun.

Sa pagdiriwang sa taon na ito, hinihiling sa mga residente na unahin sa isipan ang kalusugan at kaligtasan. Hinihiling ang mga tick-o-treaters na:

- Manatili sa bahay kung hindi maganda ang pakiramdam.
- Mag-trick-o-treat sa labas hangga't maaari.
- Maging mapanlikha at gawin ang mga pantakip ng mukha na costumes! Tandaan na ang isang costume mask ay hindi kapalit ng pantakip ng mukha. Ang costume mask ay hindi dapat isuot sa ibabaw ng hindi medikal na mask o pantakip ng mukha dahil maaaring maging mapanganib ito kung ang costume mask ay magpapahirap sa paghinga
- Huwag magsabay-sabay sa mga pintuan – maghalinhinan, isa bawat pagkakataon.
- Panatiliing maikli ang pakikihalubilo sa mga namimigay ng mga treat.
- Ugaliin ang mabuting kalinisan at madalas na gumamit ng hand sanitizer.

Kung namimigay ng mga treat:

- Huwag lumahok sa Halloween festivities kung hindi mabuti ang pakiramdam.
- Gawing maikli ang mga pakikihalubilo sa trick-o-treaters.
- Pag-isipan ang pagsusuot ng pantakip ng mukha kapag ang pisikal na paglayo sa iba ay hindi mamimintina.
- Pag-isipan ang paglakip sa pantakip ng mukha bilang isang costume.
- Ipamigay lamang ang binili at nakapaketeng mga treat.
- Huwag paaawitin o pasisigawin ang mga trick-o-treaters para sa kanilang mga treat.
- Maglinis ng mga kamay nang madalas sa buong gabi gamit ang sabon at tubig o hand sanitizer.

### **Kaligtasan sa Halloween**

Manatiling nagbabantay, iwasan ang mga panganib sa sunog at iwasan ang mga pinsala habang nararamdaman ang diwa ng Halloween.

Kapag pumipili ng isang costume:

- Panatiliing maikli ang mga costume para maiwasan na matisod o matumba.
- Piliin ang mga costume at aksesorya na hindi madaling nasusunog.

Manatiling naliliwanagan nang tama. Pumili ng matitingkad ang kulay na mga costume na malinaw na nakikita ng mga motorista.

- Paliwanagin ang iyong jack-o-lantern gamit ang de bateryang mga kandila o mga glow stick sa halip na sinindahang mga kandila.
- Tanggalin ang mga panganib sa pabibiyahang at panatiliing nakabukas ang ilaw sa labas para mapanatiling ligtas ang mga trick o treat.
- Tiyakin na gumagana nang mabuti ang lahat ng alarma ng usok sa bahay.

**Treat Accessibly**

Ang Brampton ay isang Mosaic, at dedicated ang Lungsod ng Brampton sa pagtukoy sa mga pagkakataon para dagdagan ang pagka-nalalapitan at malakas na pakiramdam na nabibilang para sa lahat ng diverse na komunidad. Sa unang bahagi ng taon na ito, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang amendasyon sa Sign By-law nito para itaguyod ang walang hadlang at maaakses na mga paraan ng trick-o-treating. Welcome ang mga may-ari ng bahay sa Brampton na maglagay ng karatula na Treat Accessibly sa harap ng kanilang bakuran para maipaalam sa mga residente na ang trick-o-treater ay may kapansanan, maaari nilang ipagdiwanang ang Halloween nang walang balakid sa kanilang bahay.

Ang Treat Accessibly ay may sumusunod na tip din para sa mga may-ari ng bahay:

- Tiyakin na ang daan papunta sa trick-o-treating area ay may hustong liwanag.
- Tanggalaan ng harang ang mga driveway at daanan
- Ilipat ang mga sasakyan mula sa driveway para mapahintulutan ang mas magandang accessibility para sa trick-o-treaters
- Gumawa ng trick-o-treat station sa dulo ng driveway, sa labas ng garahe o sa trunk ng behikulo.
- Iwasan ang paggamit ng mga strobe light o mataas ang pitch, biglang lumalakas na mga ingay.
- Panatilihin ligtas at secure ang mga pet.

Para sa karagdagang Treat Accessibly, bisitahin ang [www.treataccessibly.com](http://www.treataccessibly.com). Para sa iba pa sa accessibility sa Lungsod, bisitahin ang [www.brampton.ca/accessibility](http://www.brampton.ca/accessibility)

**Fright Nights**

Ang personal na mga Fright Nights ay nagbabalik sa piling Brampton Recreation Centres sa Oktubre 16, 22, 23 at 29 mula 5 hanggang 8 pm. Kailangan ang pagpapa-register at libre ang pagpasok.

Makiisa sa amin para sa ilang spooktacular na katuwaan ng pamilya kabilang ang:

- Spooky Family Movie Night \*
- Wagon Rides\*
- Zombie Zumba™
- Airbrush Tattoos
- Crafts
- Entertainment
- Marshmallow Roasting

*\*Piling mga lokasyon*

Magho-host din ang Brampton Recreation ng Spooky Swim at Skates sa piling Recreation Centres sa Oktubre 13, 20 at 29. Para mag-register para sa Fright Nights at Spooky Swim at Skates, [i-click dito](#).

**Pumpkin Party**

Nagbabalik at mas mahusay kaysa dati –pinanatiling buhay ng Pumpkin Party ang diwa ng Halloween para sa isa pang araw! Isuot ang iyong costume at dalhin ang inyong pumpkin sa Ken Whillans Square sa Nobyembre 1 mula 4 hanggang 8 pm. Mag-enjoy sa live entertainment mula sa EnviroDrum, at masayang giveaways kabilang ang popcorn at maanghang na apple cider. Iko-compost ang mga pumpkin pagkatapos ng event.

Manatiling ligtas habang nagsasaya. Matinding hinihikayat ang pagsusuot ng mga mask kapag hindi posible ang paglayo mula sa iba.

Ang Pumpkin Party ay inisponsor ng Swiss Chalet. Para sa mga detalye, bisitahin ang [www.brampton.ca/recreation](http://www.brampton.ca/recreation)

**Patimpalak sa Crafty Costume**

Iniiibitahan kayong sumali sa 2021 Halloween Crafty Costume Contest na iho-host ni Mayor Patrick Brown at ng mga miyembro ng Konseho ng Lungsod ng Brampton. Ipakita ang inyong mapanlikha at spooky na bahagi – mag-post ng litrato mo na nakasuot ng iyong costume gamit ang #BramptonCraftiestCostume2021 o i-email ito sa [events@brampton.ca](mailto:events@brampton.ca) bago lumipas ang 8 pm sa Oktubre 31. Iaanunsiyo ang mga winner sa Nobyembre 1. Ang mga kalahok ay kailangang 10 taong gulang o mas bata pa.

Makikita ang mga tuntunin sa patimpalak at ang pagiging karapat-dapat sa [brampton.ca/recreation](http://brampton.ca/recreation)

**Mga Quote**

“Nananabik ako na ang ating mga residente ay makakapagdiwang muli sa taon na ito ng Halloween, at hinihikayat ko ang mga Bramptonian na samantalain ang lahat ng inihahandog ng Lungsod sa spooky fun. Mula sa Fright Nights, hanggang sa Crafty Costume Contest, hanggang sa Great Pumpkin Party, may napakarami na pagkakatuwaan ng bawat isa. Mangyaring unahin sa isip ang kalusugan at kaligtasan ng ating komunidad kapag nagdiriwang. At sa lahat ng residente – nawa’y magkaroon kayo ng Napakasayang Halloween!”

– *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Mosaic, at bilang miyembro ng Accessibility Advisory Committees ng Lungsod ng Brampton at ng Rehiyon ng Peel, ipinagmamalaki ko na binago ng ating Konseho ang ating Sign By-law para suportahan ang Programang Treat Accessibly. Hinihikayat ko ang mga residente ng Brampton na proud na itampok ang karatula ng Treat Accessibly sa harap ng kanilang mga bajuran, at nagwi-wish sa mga bata ng ating komunidad ng isang ligtas, accessible at nagsasali sa lahat, at maligayang Halloween.”

- *Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8; Miyembro, Accessibility Advisory Committee ng Lungsod ng Brampton; Miyembro, Accessibility Advisory Committee ng Rehiyon ng Peel*

“Ikinagagalak ko na makita ang pagbabalik ng Pumpkin Party sa taon na ito. Ang Brampton ay isang Green City at ang event na ito ay nagbibigay sa mga residente ng pagkakataon na hindi lamang ipakita ang kanilang carving skills nang isa pang beses t ngunit wastong itapon ang kanilang mga pumpkin sa pamamagitan ng pag-compost sa mga ito. Huwag kalimitan na sumali rin sa Crafty Costume Contest para sa pagkakataon na manalo ng ilang magandang papremyo.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Nagbabalik ang Halloweenat pati na rin ang ating spooktacular na personal na mga event, Fright Nights at ang Great Pumpkin Party. Hinihikayat ko ang lahat na ligtas na magdiwang, ugaliin ang paglayo mula sa iba, at magsuot ng mask kapag hindi iyan posible. Maligayang Halloween, Brampton!”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkabaligtiran inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na



## Media Release

ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

### KONTAK NG MEDIA

Prabhjot Kainth  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa  
Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Prabhjot.Kainth@brampton.ca](mailto:Prabhjot.Kainth@brampton.ca)